REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

70

KAPASIYAHAN BILANG 70

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG POSISYON BILANG "AMBASSADRESS OF GOODWILL" NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG HIHIRANGING BINIBINING MUNTINLUPA AT BIBIGYAN NG HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (₱2,000.00) BAWAT BUWAN SA LOOB NG ISANG (1) TAON BILANG "HONORARIUM".

---

SAPAGKAT, bilang "Ambassadress of Goodwill" ang nahirang na Binibining Muntinlupa ay magsisilbing tagapagtaguyod at tagapagbalita ng mga maipagmamalaki at maitatanging mga naggagandahang lugar sa Bayan ng Muntinlupa at maging ang kabutihan at kaayusan ng bawat mamamayang naninirahan dito;

SAPAGKAT, bilang kabahagi na at naninilbihan sa pamahalaang bayan, ang Binibining Muntinlupa ay dadalo sa mga pagpupulong o salo-salo, mga pasinaya at iba pang mga kaukulang gawain na naglalayon na mapalawak at maihatid ang magandang pangalan ng Bayan ng Muntinlupa sampu ng mga nakaupong taong nanunungkulan dito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magtakda ng isang posisyon sa pamahalaang bayan bilang "Ambassadress of Goodwill" ang nahirang na Binibining Muntinlupa at bibigyan ng halagang Dalawang Libong Piso (₱2,000.00) bawat buwan sa loob ng isang taon bilang "honorarium".

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang tanging pulong na ginanap noong ika-27 ng Disyembre 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO :

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Disyembre 27, 1988

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kapasiyahan Blg. 70

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. ROY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. UMOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

RRC:vts